Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Josue
Ang
Tagapamahala

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Patay na si Moises. Alam ni Josue na siya ay pinili ng Panginoon na maging lider ng mga Israelites. Bago hinanda ni Josue ang kanyang kawalan, hinanda niya ang kanyang sarili. Ang Panginoon ay nangako kay Josue na siya ay magtagumpay at may kasaganaan sa Pinangakong Lupain kung ang mga tao ay susunod sa Salita ng Panginoong Diyos.

Ang mga taong Israelites nangako na sila ay susunod kay Josue at laging masunorin sa Salita ng Diyos. Ang bagong tagapamahala ay sa dunong nagpadala ng mga espiya doon sa Kanaan upang mapagaralan ang mga depensa ng dakilang bayan ng Jeriko. Ang unang labanan ng Israel ay mangyayari doon.

May nagsabi sa hari ng Jeriko na may mga espiya sa bayan. Nagpadala kaagad ng mga kawal upang hanapin sila. Ang paghahanap ay nagumpisa sa bahay ni Rahab, na doon ang mga espiyang Israelites ay nagtago. Ang mga kawal ay katok ng katok na malakas sa pintuan ni Rahab. Nagmadali, tinago ni Rahab ang mga lalake sa ilalim ng makapal na dayami o flaks.

Nang umalis ang mga kawal, gumamit si Rahab ng pulang lubid upang maibaba ang mga lalake na espiya ligtas sa labas ng pader ng siudad. Bakit ba kaya tinulungan ni Rahab ang mga nagmamasid? Sa pagkat alam niya na ang Panginoon ay kasama nila. Ibig niya ng ang Panginoon ay iligtas siya. Ang mga espiya ay nangako na liligtasin si Rahab at ang kanyang may bahay.

Bago sila dumating sa Jeriko, ang mga Israelites ay kailangang tumawid sila sa ilog ng Jordan patungo ng Kanaan, ang Pingakong Lupain. Ngunit walang tulay! Paano nila matawid ang ilog?



Sinabi ng Panginoon kay Josue na ang mga pari ay kailangang manguna sa mga tao, dala ang arka na may lamang Sampong Utos. Nang ang mga paa nila ay nasa tabi ng tubig, ang Panginoon ay gumawa ng himala. Natuyo ang kanilang daanan sa ilog.

Nang natapus na makatawid ang lahat, naglagay sila ng labing dalawa (12) malalaking mga bato sa gitna ng ilog at labing dalawa mga bato sa gilid ng ilog ng Kanaan. Ito ang bilang paala-ala upang maturuan ang kanilang mga anak tungkol sa dakilang kapangyarihan at pagibig ng Diyos.



Ang Jeriko ay may malakas at makapal na pader.

Habang si Josue ay nagbalak ng kanyang ataki, nagpadala ang Panginoon ng Kapitan ng KanyangKawalan ng galing sa langit upang mapaala-ala sa bagong lider ng Israel na ang Panginoon ay siyang magbigay ng tagumpay sa digmaan para kanyang mga taohan.

Sinabi ng Panginoon kung papano atakihin ang Jeriko. Nakapag tataka ang paraang ito. Ang taohan ng Panginoon ay kailangan mag martsa sa palibut ng siyudad isang besis sa isang araw sa loob ng anim na araw,at pitong besis sa ikapitong araw. Noon ihipin mga trumpeta at sisigaw, at ang makapal na pader ay masisira, wawasakin hanggang sa lupa.

Si Josue at ang kanyang kawalan ay sumunod ayon sa utos ng Diyos. Marahil ang mga tao sa Jeriko ay nagtawanan sa kanila. Ngunit, pagkatapos ng pitong araw ng pagmartsa, inihip ng mga pari ang mga turmpeta na gawa ng sungay ng lalaking tupa.

7





Ang bahay ni Rahab sa pader ay ligtas. Binitay niya ang pulang lubid sa bintana. Kaagad, linigtas ng mga lalake ni Josue si Rahab at ang kanyang sambahayan. Ang Jeriko ay nawasak, gaya ng sabi ng Diyos.

Maalindogan, hinandog ni Josue ang ginto, pilak, at ibang kayamanan ng Jeriko sa gawain ng



panginoon. Pagkatapos, linagyan niya ng sumpa sa sino man ang maggawa o magpatayo sa masamang siudad. Kaagad ang lahat sa Kanaan ay nakarinig na si Josue ay tinalo ang Jeriko. Alam nila na ang Panginoon ay kasama ng kanyang mga taohan.

Si Josue ang Namamahala ay

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Josue 1-6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16